

## Seksyon 2 Edukasyon, Sistema ng Tulong sa Pag-aaral

Isinasagawa ang edukasyon na naglalayon ng paglilinanang ng may kasarinan at malusog na taong mayroong malakas na kamalayan bilang miyembro ng lipunan, at kinakailangang masiguro ang pagkakataong tumanggap ng edukasyon para sa lahat ng mamamayan ng prefecture kabilang ang mga matagalang naninirahang mga dayuhan.

Sa Hiroshima prefecture, binabanghay ang pagsulong ng edukasyon kaugnay sa batang mag-aaral na mamamayan ng prefecture at dayuhan ang nasyonalidad tulad ng mga matagalang naninirahang dayuhan simula na sa mga Koreano (mula sa Hilaga at Timog Korea), manggagawang may lahing Hapones at iba pa, tinutukoy na paksa ang problema ng pagtuloy sa mas mataas na pag-aaral at tutuluyang landas, at itinutuloy ang pagharap para sa pagsasagawa ng naaangkop na pamamatnubay ayon sa katangian, tutuluyang landas ng mag-aaral, at iba pa.

### 1 EDUKASYON SA PAARALAN AT IBA PA

#### (1) Nursery school/day care center (Pasilidad para sa kapakanan ng mga bata)

Maaaring pumasok sa nursery school ang mga sanggol mula 0 taong gulang hanggang sa pagpasok sa mababang paaralan, kung kinakailangan ang pag-aalaga sa tahanan dahil sa pagpasok sa trabaho ng magulang/tagapag-alaga o iba pang nag-aalaga sa sanggol.

Magkakaiba ang edad na maaaring pumasok, oras ng pag-aalaga at iba pa ayon sa nursery school. Mangyaring magtanong sa tanggapan ng lungsod, ward o bayan ng lugar ng tirahan para sa mga detalye tulad ng paraan ng pag-apply para sa pagpasok at iba pa.

Para sa mga katanungan

Tanggapan ng lungsod, ward o bayan

#### (2) Kindergarten (Pasilidad para sa edukasyon ng mga sanggol)

Pasilidad ang kindergarten para sa edukasyon ng mga sanggol mula 3 taong gulang hanggang sa pagpasok sa mababang paaralan.

Mula 3 taong gulang maaaring pumasok sa karamihan ng mga kindergarten, at isinasagawa ang pagrehistro sa taon bago pumasok sa kindergarten.

Depende sa nagtatag, maaaring pambansa, pampubliko o pribado ang kindergarten, at kailangang sumangguni sa tanggapan ng Lupon ng edukasyon ng lungsod/bayan ng bawat munisipalidad kung nais ipasok ang bata sa isang pampublikong kindergarten.

Para sa pambansa at pribadong kindergarten, kailangang sumangguni nang direkta sa bawat paaralan.

(3) Sentro para sa edukasyon at pag-aalaga sa maagang yugto ng pagkabata  
(Pasilidad at Paaralan para sa kapakanan ng mga bata)

Maaaring pumasok dito ang mga sanggol mula 0 taong gulang hanggang sa pagpasok sa mababang paaralan, nang walang kaugnayan sa kalagayan ng pagpasok sa trabaho ng magulang/tagapag-alaga.

Magkakaiba ang edad na maaaring pumasok, oras ng day care at iba pa ayon sa sentro para sa edukasyon at pag-aalaga sa maagang yugto ng pagkabata. Mangyaring magtanong sa tanggapan ng lungsod, ward o bayan ng lugar ng tirahan para sa mga detalye tulad ng paraan ng pag-apply para sa pagpasok at iba pa.

Para sa mga katanungan

Tanggapan ng lungsod, ward o bayan

(4) Mababang paaralan, Gitnang paaralan

① Pampublikong paaralan

Maaaring mag-aral mula ganap na 6 taong gulang hanggang ganap na 15 taong gulang sa Mababa at Gitnang paaralan, Paaralan para sa sapilitang edukasyon, unang kurso sa Paaralan para sa sekundaryong edukasyon, at seksyon ng mababa at gitnang paaralan sa Paaralan para sa mga may bukod-tanging pangangailangan.

Ipapadala mula sa lupon ng edukasyon ng lungsod/ bayan ng lugar ng tirahan ang gabay sa pagpasok sa pampublikong paaralan sa tahananang may batang dayuhan ang nasyonalidad, sa taon bago ng taon ng pagpasok sa paaralan. Kung ninanais pumasok sa pampublikong mababang paaralan, mangyaring i-submit ang application para sa pagpasok sa paaralan sa lupon ng edukasyon o sa tanggapan ng lungsod/bayan.

Tinatanggap kahit kailan sa pampublikong mababa at gitnang paaralan ang paglipat mula sa ibang paaralan.

Kung may mga katanungan o di kaya'y nais alamin ang karagdagang detalye ukol sa enrollment o paglipat, sumangguni sa tanggapan ng Lupon ng edukasyon ng lungsod/bayan sa pook na tinitirahan.

Kung nais magpatuloy ng pag-aaral sa Mataas na Paaralan pagkatapos makumpleto ang compulsory education, karaniwan ay kailangang kumuha muna ng Admission Selection Exam.

Para sa mga katanungan

Lupon ng edukasyon ng lungsod/bayan

② Pribadong paaralan, Pambansang paaralan

Magkakaiba ang kondisyon sa pagpasok, kinakailangang papeles ayon sa paaralan, kaya't mangyaring direktang magtanong sa paaralan para sa mga detalye.

## (5) Mataas na Paaralan

### ① Mataas na paaralan

May sistema para sa pag-aaral nang full-time, part-time at pakikipag-ugnayan sa mataas na paaralan at sa huling kurso sa paaralan para sa sekundaryong edukasyon, at nahihwalay ang mga kursong pag-aaralan sa ①Karaniwang kurso kung saan pangunahing pinag-aaralan ang karaniwang edukasyon, ②Teknikal na kurso kung saan pangunahing pinag-aaralan ang teknikal na edukasyon, at ③Pangkalahatang kurso kung saan pinag-aaralan nang malawakan ang karaniwang edukasyon at teknikal na edukasyon. Sa kursong pangunahing pinag-aaralan ang teknikal na edukasyon, may Kursong pang-agrikultura, Kursong pang-industriya, Kurso sa pangangalakal, Kursong pantahanan, Kursong pandaigdig, Kursong pangkawanggawa, Kursong pang-edukasyong pangkatawan, Kurso ng nursing, at iba pa. Mayroong mataas na paaralang may sistema para sa pag-aaral nang part-time at pakikipag-ugnayan para sa mga nais mag-aral habang nagtatrabaho o nais matuto nang tugma sa lifestyle.

May pambansa, pampubliko (prefectural, municipal) at pribadong mataas na paaralan ayon sa nagtatag nito, kaya't kung tungkol sa pagpasok sa ganitong paaralan, mangyaring magtanong sa High school education guidance division ng secretariat ng lupon ng edukasyon ng Hiroshima prefecture (☎082-513-4992), o sa pinakamalapit na prefectural school sa inyo. Tungkol sa municipal school, mangyaring magtanong sa lupon ng edukasyon ng lungsod.

Tungkol naman sa pambansa at pribadong paaralan, mangyaring direktang magtanong sa paaralan.

### ② Mataas na paaralang teknikal

Nasa Hiroshima prefecture ang National Institute of Technology, Kure College at National Institute of Technology, Hiroshima College. 5 taon ang panahon ng pag-aaral para makapagtapos (5 taon at 6 buwan para sa kursong kaugnay sa pagbabarko), at kapag nakakuha ng takdang units, maaaring mabigyan ng titulong Associate in Arts. Mangyaring direktang magtanong sa paaralan tungkol sa paraan ng pagpasok at iba pa.

### ③ Paaralang bokasyonal, Iba't ibang paaralan

Pasilidad ng edukasyon ang Paaralang bokasyonal (mataas na kurso, karaniwang kurso, pandalubhasang kurso) at Iba't ibang paaralan na layunin ang magkamit ng kaalaman at kahusayang kinakailangan sa hanapbuhay at aktuwal na pamumuhay. May mga larangan ng pag-aaral tulad ng industriya, medisina, pangangalaga ng kalusugan, edukasyon at panlipunang kagalingan, pagnenegosyo, fashion at karunungan pantahanan, kultura at pangkalahatang edukasyon at iba pa. Magkakaiba ang bilang ng taon para makapagtapos, kondisyon sa pagpasok, at iba pa ayon sa paaralan, kaya't mangyaring direktang magtanong sa paaralan para sa mga detalye.

(6) Paaralan para sa mga May Bukod-tanging Pangangailangan

Mayroong seksyon ng mababang paaralan, seksyon ng gitnang paaralan, at seksyon ng mataas na paaralan sa Paaralan para sa mga may bukod-tanging pangangailangan. At sa mga Paaralan para sa mga may bukod-tanging pangangailangan, itinatag din ang seksyon ng kindergarten sa Paaralan para sa mga may bukod-tanging pangangailangan ukol sa kapansanan sa paningin, at sa Paaralan para sa mga may bukod-tanging pangangailangan ukol sa kapansanan sa pandinig. Sa seksyon ng mataas na paaralan, itinatag ang Karaniwang kurso at Teknikal na kurso sa Paaralan para sa mga may bukod-tanging pangangailangan ukol sa kapansanan sa paningin. Bukod dito, sa ilalim ng paaralan para sa mga may bukod-tanging pangangailangan ukol sa kapansanan sa pag-iisip, itinatag ang Karaniwang kurso at Karaniwang kursong panghanapbuhay sa Paaralan para sa mga may bukod-tanging pangangailangan ng Fukuyama-kita Special Support School (*Fukuyama-kita Tokubetsu Shien Gakkō*) at sa Paaralan para sa mga may bukod-tanging pangangailangan ng Hiroshima Prefectural Hiroshima-kita Special Support School (*Hiroshima-kita Tokubetsu Shien Gakkō*).

Kung nais pumasok sa seksyon ng kindergarten sa Paaralan para sa mga may bukod-tanging pangangailangan ukol sa kapansanan sa paningin o sa Paaralan para sa mga may bukod-tanging pangangailangan ukol sa kapansanan sa pandinig, mangyaring magtanong sa kinauukulang Paaralan para sa mga may bukod-tanging pangangailangan o sa Special support education section ng secretariat ng lupon ng edukasyon ng Hiroshima prefecture

(☎082-513-4981).

Maaaring mag-aral mula ganap na 6 taong gulang hanggang ganap na 15 taong gulang sa seksyon ng mababa at gitnang paaralan sa Paaralan para sa mga may bukod-tanging pangangailangan na ayon sa uri ng kapansanan. Isinasagawa ang palakad sa pagpasok sa seksyon ng mababa at gitnang paaralan alinsunod sa batas ukol sa taong may antas ng kapansanang nakasaad sa Artikulo 22-3 ng ordinansa ng pagpapatupad ng Batas ng edukasyon sa paaralan.

At kung lilipat sa Paaralan para sa mga may bukod-tanging pangangailangan, kinakailangan din ang palakad na ayon sa batas, kaya't mas mabuting makipagkonsulta muna ang mismong tao at magulang/tagapag-alaga tungkol sa edukasyon sa kinauukulang paaralan, at kinakailangan ang sapat na pag-aayos ng pakikipag-ugnayan antimano sa prinsipal ng mababa, gitnang paaralan at prinsipal ng kinauukulang Paaralan para sa mga may bukod-tanging pangangailangan. Mangyaring magtanong sa lupon ng edukasyon ng lungsod/bayan ng lugar ng tirahan para sa mga detalye.

Kung nais pumasok sa seksyon ng mataas na paaralan sa Paaralan para sa mga may bukod-tanging pangangailangan, mangyaring magtanong sa nais pasukang Paaralan para sa mga may bukod-tanging pangangailangan o sa Special support education section ng secretariat ng lupon ng edukasyon ng Hiroshima prefecture (☎082-513-4981).

(7) Paaralan para sa mga Dayuhan

May 2 paaralan para sa mga dayuhan sa loob ng Hiroshima prefecture. Mangyaring direktang magtanong sa paaralan para sa mga detalye tulad ng qualification sa pagpasok, bilang ng taon para makapagtapos, at iba pa.

Hiroshima Korean School	Hiroshima Korean primary, middle, high school
[Para sa mga katanungan]	37-50 Yamane-chō, Higashi-ku, Hiroshima-shi
	☎082-261-0028
	Homepage: <a href="https://www.hiroshima-corea.ed.jp/">https://www.hiroshima-corea.ed.jp/</a>
Hiroshima Kokusai Gakuen	Hiroshima International School
[Para sa mga katanungan]	3-49-1 Kurakake, Asakita-ku, Hiroshima-shi
	☎082-843-4111
	Homepage: <a href="https://www.hiroshima-is.ac.jp/">https://www.hiroshima-is.ac.jp/</a>

(8) Pamantasan, Paaralang Teknikal at iba pa

① Pamantasan, Junior college

Magkakaiba ang nilalaman ng edukasyon at bilang ng taon para makapagtapos ayon sa departamento at kurso sa pamantasan at junior college. Mangyaring direktang magtanong sa pamantasan, junior college para sa mga detalye tulad ng kondisyon sa pagpasok at iba pa.

② Paaralang bokasyonal, Iba't ibang paaralan

Pasilidad ng edukasyon ang Paaralang bokasyonal (mataas na kurso, karaniwang kurso, pandalubhasang kurso) at Iba't ibang paaralan na layunin ang magkamit ng kaalaman at kahusayang kinakailangan sa hanapbuhay at aktuwal na pamumuhay. May mga larangan ng pag-aaral tulad ng industriya, medisina, pangangalaga ng kalusugan, edukasyon at panlipunang kagalingan, pagnenegosyo, fashion at karunungan pantahanan, kultura at pangkalahatang edukasyon at iba pa.

Magkakaiba ang bilang ng taon para makapagtapos, kondisyon sa pagpasok, at iba pa ayon sa paaralan, kaya't mangyaring direktang magtanong sa paaralan para sa mga detalye.

(9) Pagsusulit na nagpapatibay na nasa antas ng nagtapos ng Gitnang Paaralan

Ito ay isang pambansang pagsusulit kaugnay sa pagpasok sa Mababang Paaralan, na maaaring magpatunay kung ang isang indibidwal na hindi nakapagtapos ng Gitnang Paaralan ay may kakayahan sa akademiko na katumbas o higit pa sa mga nakapagtapos ng Gitnang Paaralan.

Ipinagkakaloob ang karapatang pumasok sa Mataas na Paaralan kapag pumasa sa pagsusuring ito.

Para sa karagdagang detalye at iba pa ukol sa pagsusuri, sumangguni sa Lifelong Learning Promotion Division ng Ministry of Education, Culture, Sports, Science and Technology. (☎03-5253-4111)

(10) Pagsusulit ng Pagpapatibay na nasa Antas ng Nagtapos ng Mataas na Paaralan

Pagsusulit ng bansa na nagpapatibay kung may kakayahang akademiko na tulad o higit sa taong nagtapos ng mataas na paaralan para sa taong hindi makakuha ng pagsusulit sa pagpasok sa pamantasan o iba pa, dahil hindi nagtapos ng mataas na paaralan.

Sa taong nakapasa rito, hindi lamang mabibigyan ng qualification sa pagpasok sa pamantasan, junior college, paaralang teknikal, kundi ipagpapatibay na mayroong kakayahang akademiko na tulad o higit sa taong nagtapos ng mataas na paaralan, at maaaring gamitin sa paghahanap ng trabaho, pagsusulit para sa lisensya at iba pa.

Mangyaring magtanong sa Lifelong Learning Promotion Division ng Ministry of Education, Culture, Sports, Science and Technology (☎03-5253-4111) para sa mga detalye ng pagsusulit at iba pa.

(11) The Open University of Japan

Pamantasan ng pakikipag-ugnayan itong itinatag ng Open University Gakuen (nasasaklaw sa pamamahala ng Ministry of Education, Culture, Sports, Science and Technology at Ministry of Internal Affairs and Communications).

Kapag nag-enrol nang 4 taon o higit pa at kumuha ng takdang units, makakakuha ng sertipikasyon ng pagtatapos ng pamantasan.

Isinasahimpapawid sa BS ang pagtuturo o klase. Ihinahatid din sa internet ang halos lahat ng asignatura.

May 2 pagkakataon ng pagpasok sa isang taon, sa Abril at Oktubre. Walang pagsusulit na akademiko sa oras ng pagpasok.

May mga mag-aaral na kumukuha ng lahat ng kailangang asignatura upang makakuha ng sertipikasyon ng pagtatapos ng pamantasan, at mag-aaral na kumukuha ng piling asignatura (panahon ng pagka-enrol: 1 taon), at mag-aaral na kumukuha ng asignatura (panahon ng pagka-enrol: kalahating taon) na kumukuha ng gustong asignatura lamang.

Maaaring pumasok bilang mag-aaral na kumukuha ng lahat ng kailangang asignatura kung ganap na 18 taong gulang o higit pa, at may qualification na pumasok sa pamantasan, at bilang mag-aaral na kumukuha ng piling asignatura o mag-aaral na kumukuha ng asignatura kung ganap na 15 taong gulang o higit pa.

Nagbukas ng satellite space sa lungsod ng Fukuyama, upang lalong maging madaling mag-aral dito.

Para sa mga katanungan

Hiroshima Study Center, the Open University of Japan  
1-1-89 Higashisenda-machi, Naka-ku, Hiroshima-shi  
☎082-247-4030  
Homepage: <http://www.sc.ouj.ac.jp/center/hiroshima/>